



## الطَّيِّبُ مِنَ الْقَوْلِ

**ANG MABUTING PANANALITA**

Katotohanang pinagpala ng Allah ang tao sa pamamagitan ng Koran, at Kanyang biniyayaan sila ng kakayahang magsalita at magpaliwanag. Sinabi ng Allah: [Ar-rahman, Siya ang lumikha sa tao. Siya ang nagturo sa kanya nang malinaw na pananalita. ] Ar-rahman 1-4, at sinabi pa ng Allah: [ Ang Allah ay nagpadala sa ibaba nang pinaka mabuting Kapahayagan, ang Aklat [ang Quran na ito], ang bawat bahagi ay nakakawangis ng bawat isa... ] Az-zumar 23. Inilarawan ng Allah ang Kanyang aklat-ang Koran bilang pinakamabuting pananalita. Ang mabuting pananalita ay katiyakang nagpapalambot sa puso at nagbibigay kapanatagan sa sarili , kaya't sinuman ang siyang mayroong malinis na kalooban ay magiging mabuti rin ang pananalita at tiyak na siya ay magiging kabilang sa silang mga ginabayan sa tuwid na landas. Sinabi ng Allah: [ At sila ay napatnubayan sa pinaka dalisay na mga pangungusap; at sila ay pinatnubayan sa landas Niya na Siyang karapat-dapat sa lahat ng pagpupuri.] Al-hajj 24.

Ang mabuti at tuwid na pananalita ay dahilan upang ang mga gawain ng tao ay magiging tama, gayunding ito ay daan tungo sa kapatawaran ng mga pagkakasala. Sinabi ng Allah: [O' kayong mga Mananampalataya ! katakutan ninyo ang Allah, at magsalita nang Katotohanan, sapagkat ito ay magtutuwid sa inyong mga gawain at patatawarin kayo sa inyong mga pagkakasala. ] Al-ahzab 70-71. Datapuwat ang mabuting pananalita ay yaong pagtutugma ng panlabas na kabutihan at dalisay na kalooban - pananalitang tanging hangad ay ang pagkalugod ng Allah at pagsasaayos sa mga alitan.

Ipinag-utos ng Allah sa Kanyang mga lingkod ang mabuting pananalita, Kanyang sinabi: [at kayo ay mangusap ng mabuti sa mga tao] Al-baqarah 83. Datapuwat ipinag-utos ng Allah na sila ay mamili ng pinaka-angkop at pinakamagandang mga kataga. Sinabi ng Allah: [ sa sabihin mo (o Muhammad) sa Aking mga lingkod na sila ay magwika ng pinakamabuting mga kataga... ] Al-Isra 53. Katotohanang ang mabuting pananalita ay isa sa mga paraan upang magkaisa ang mga puso at maiwasan ang samaan ng loob. Sinabi ng Allah: [At ang mabuti at masamang gawain ay hindi magiging magkatulad. Itaboy ang kasamaan sa pamamagitan ng mabuting gawain, pagkagayon, kotohanang ikaw at ang siyang mayroong namagitang alitan ay magiging matalik na magkakaibigan]. Fussilat 34.

Ipinaliwanag rin ng Sugo (saws) ang bagay na ito nang kanyang sabihin: [ Sinuman ang nananampalataya sa Allah at huling araw ay magsalita ng mabuti o tumahimik na lamang.] Al-bukhari at Muslim.

Katotohanang ang pag-uusap ng mga tao ay isang uri ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng kanyang pananalita makikita ang antas ng isang tao. Kaya't ipinangaral ng Sugo(saws) na maging mapagmatyag sa mga katagang namumutawi sa mga labi, at kailangang ang mga ito ay pawang mabubuti lamang. Kabilang sa mga katangian ng mabuting pananalita ang pagiging maiksi nito, lalung-lalo na para silang mas mataas ang antas sa lipunan, mga maalam, mas nakatatanda at mas



kagalang-galang. Sinuman ang siyang nag-iingat at pinaiiksi ang pananalita at tumalikod mula sa walang kwentang usapan ay katiyakang magtatagumpay. Sinabi ng Allah: [Katiyakang nagtagumpay ang silang mga mananampalataya, ang silang taimtim na nagsasagawa ng salah, at ang silang tumatalikod mula sa walang kabuluhang pag-uusap.] Al-mu'minin 1-3. Habang dumarami ang pananalita ay lalong dumarami ang pagkakamali, na siyang dahilan ng paglayo ng mga tao.

Kapag nag-uusap ang silang mga maalam ay tiyak na kanilang iniwasang sumama ang loob ng siyang hindi nakakaintindi sa wika o bagay na pinag-uusapan, at hindi nila ginagambala ang mga nakikinig. Katunayang ang Sugo(saws) noon ay humaharap sa kausap at pinakikinggan niya ito ng mabuti. Minsan ay dumating si Al-waleed Al-mughirah upang makipagtalo sa Propeta Muhammad(saws), at pinakinggan naman siya ng Sugo(saws), nang matapos siya ay tumugon ang Sugo ng Allah(saws): [Tapos ka na ba sa iyong pagsasalita O! Abal-waleed?]. Ang ganitong uri ng pananalita ay nagpapahiwatig ng paggalang sa kausap, at ito ay aral para sa atin kung papaano makipag-usap kahit pa sa siyang hindi kaaya-aya ang layunin.

Ipinangaral rin ng Sugo(saws) ang kabutihan ng mahinahong pananalita at sining ng maayos at malinaw na pangungusap, upang ito'y maintindihan ng nakikinig. Isinalaysay ni Aisha(ra): "Tunay na ang pananalita noon ng Sugo(saws) ay malinaw at tumpak kaya't naiintindihan ito ng lahat ng nakakarinig." Abu Dawud 4839.

Kabilang sa mga palatandaan ng kabutihang pag-iisip ng taong nagsasalita, ay ang maayos niyang paggamit sa angkop na mga katagang nababagay sa antas ng mga nakikinig, upang ito'y kanilang maintindihan at hindi magdulot ng kalituhan at pagkagulo ng isipan. Sinabi ni Ali(ra): "Kausapin ninyo ang mga tao sa pamamaraang(mga katagang) kanilang naiintindihan, nais ba ninyong kanilang pasinungalingan ang Allah at ang Kanyang Sugo?" Albukhari 127. Sinabi ng Allah: [Walang kabutihan sa marami nilang palihim na mga pag-uusap maliban [sa] siya na siyang nag-utos ng *Sadaqah* [pagkakawang-gawa] o kabutihan o namagitan upang magkasundo ang mga tao. At sinuman ang nagsagawa nito na walang ibang layunin kundi ang pagkalugod ng Allah, ay katiyakang Amin siyang bibigyan ng malaking gantimpala.] An-nisa 114. Ang tunay na muslim ay siyang kanyang pinangangalagaan ang dila mula sa masasamang pananalita, upang hindi makapanakit sa iba. Siya ay umiiwas rin sa mga usaping hindi niya nalalaman, o di kaya ay kanya muna itong inaalang. Sinabi ng Sugo(saws): [Sapat na, upang maging isang sinungaling ang tao kapag kanyang ikinukuwento ang lahat ng kanyang narinig.] Muslim 5. Ang ating pananalita ay maaaring itatala bilang kabutihan o kasamaan, sinabi ng Sugo(saws): [Ang mabuting pananalita ay sadaqah/kawang-gawa.] Al-bukhari.

Sinuman ang nagnanais ng matiwasay at payapang pamumuhay ay kailangang isaayos ang pananalita. Kailangan niyang makipag-usap sa pinakamabuting pamamaraan lalung-lalo na sa kanyang mga magulang. Sinabi ng Allah: [At kausapin ninyo sila(mga magulang) sa pamamagitan ng mabuting pananalita.] Al-isra 23. Katunayang si Propeta Abraham (as) noon ay kinakausap ang kanyang ama na kumakalaban sa kanya sa pinakamagalang at pinakamabuting paraan. Marapat ding pagtuunan ng pansin ng mga lalaki ang mabuting pakikipag-usap sa mga asawa nang sa gayon ay lumago at lumawig ang pag-iibigan sa pagitan ng mag-asawa.



Katotohanang ang Propeta Muhammad(saws) noon ay tinatawag ang kanyang mga asawa sa mga pangalang kinalulugdan nila. Kanyang tinawag noon si Aisha(ra): [O! A-ish (buhay na buhay).] Al-bukhari at Muslim.

Katotohanang ipinag-utos ng Islam ang mabuting pananalita sa pakikipag-usap sa lahat ng uri ng tao. Kaya't kailangang gumamit lamang ng mga mabubuting kataga sa mahinahong paraan kapag kausap ang iba. Sinabi ng Allah: [Hindi mo ba nakikita kung papaano nagbigay ang Allah ng halimbawa? Ang mabubuting Salita ay katulad ng isang mabuting puno, na ang mga ugat ay matatag na nakatanim, at ang mga sanga ay umaabot sa kalangitan – sa lahat ng oras ito ay namumunga, ayon a kakahintulutan ng Allah...] Ibrahim 24-25. Sinabi pa ng Allah patungkol sa paalala ni Luqman para sa kanyang anak: [Babaan mo ang iyong boses...] Luqman 19. Ang mabuting pananalita ng tao ay palatandaan ng kanyang pagpapahalaga sa damdamin ng iba, at paggalang sa kanilang mga ideya, kaya't hindi niya pinuputol o ginugulo ang pananalita ng kausap. Lahat ng ito ay pangangalaga sa ugnayan at pagmamahalan sa pagitan ng mga mamamayan sa lipunan.